REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-114

KAPASIYAHAN NA NAGKAKALOOB NG TULONG-PANANALAPI KINA BB. MA. TERESA D. DE CASTRO, BB. JINKY N. RICAZA AT BB. HIYAS GAPIT NG PRISONS JUDO CLUB SA HALAGANG LIMANG LIBONG PISO (₱5,000) BAWAT ISA O SA KABUUANG HALAGA NA LABINLIMANG LIBONG PISO (₱15,000) BILANG MGA KINATAWAN NG PILIPINAS SA 15th SOUTHEAST ASIAN GAMES SA PALIGSAHANG JUDO NA GAGANAPIN SA KUALA LUMPUR, MALAYSIA SA IKA-18 NG AGOSTO HANGGANG IKA-2 NG SEPTIYEMBRE, 1989 AT ANG LAANG-GUGULIN AY KUKUNIN SA PONDO NG "SPORTS AND YOUTH DEVELOPMENT".

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pamahalaang nasyonal ay naglunsad ng pagpapalaganap para sa kalakasan ng katawan (physical fitness) at pagpapaunlad ng palakasan/paligsahan (sports development) bilang isa sa mga pangunahing programa nito;

SAPAGKAT, angkop lamang na ang mga namumuno sa pamahalaang lokal ay tulungan at suportahan ang mabubuting programa/proyektong isinasagawa ng pamahalaang nasyonal;

SAPAGKAT, ang mga kabataang may sapat na kakayahan, talino at pagpupunyagi upang umunlad sa napiling laro (sport) ay nararapat lamang bigyan ng suporta;

SAPAGKAT, karangalan ng isang bayan na mapili ang isa o ilang mamamayan nito na maging kinatawan ng bansa upang lumahok sa mga pandaigdig (international) na paligsahan tulad ng judo at makapag-uwi ng karangalan/medalya;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magkaloob ng tulong-pananalapi kina Bb. Ma. Teresa de Castro, Bb. Jinky N. Ricaza at Bb. Hiyas Gapit ng Prisons Judo Club, Muntinlupa sa halagang Limang Libong Piso (₱5,000) bawat isa o sa kabuuang halaga na labinlimang libong Piso (₱15,000.00) bilang mga kinatawan ng Pilipinas sa 15th Southeast Asian Games sa paligsahang judo na gaganapin sa Kuala Lumpur, Malaysia sa ika-18 ng Agosto hanggang ika-2 ng Septiyembre, 1989 at ang laang-gugulin ay kukunin sa pondo ng "sports and youth development".

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-animnapu't siyam na regular na pulong na ginanap noong ika-14 ng Agosto, 1989.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Agosto 14, 1989